(1)

# TEMPORARY PUBLIC HOURS OF MILAN PCG
# (UNTIL FURTHER NOTICE)

**9:00 A.M. TO 3:00 P.M.**

**(MONDAY TO FRIDAY)**

**CLOSED DURING WEEKENDS AND PUBLIC HOLIDAYS**

# ONLINE APPOINTMENT SYSTEM

- **ANG ONLINE APPOINTMENT AY KINAKAILANGAN PARA SA PASAPORTE (PASSPORT APPLICATION AND RELATED SERVICES).**

- **MAGBOOK NG ONLINE APPOINTMENT SA PASAPORTE SA: bookpcgm1.timetap.com**

- **ANG APPOINTMENT SYSTEM NG PASSPORT AY WALANG BAYAD (LIBRE).**

(3)

- **ANG MAG-ANAK (MAG-ASAWA AT MGA MINORENG ANAK) AY PWEDENG ISANG APPOINTMENT LAMANG.**
- **ANG IBANG KATEGORYA NG ADULT NA APLIKANTE AY KAILANGAN NG TIG-ISANG APPOINTMENT.**
- **BIBIGYANG DAAN ANG MGA *ACTUAL NA APLIKANTE* NA SENIOR CITIZENS (65 AND ABOVE), MAY KAPANSANAN, 3RD TRIMESTER NA BUNTIS AT BAGONG PANGANAK NA SANGGOL (KASAMA ANG INA).**

(4)

- **IWASAN ANG PAGGAWA NG MARAMING APPOINTMENTS (MULTIPLE APPOINTMENTS) UPANG MABIGYAN NG PAGKAKATAON ANG IBA NA MAKAKUHA NG APPOINTMENT. I-BAN NG KONSULADO ANG EMAIL ADDRESS SA MGA MAHUHULING GUMAGAWA NITO.**
- **PARA SA MGA NAGKAKASABAY SA APPOINTMENT NA MANGGAGALING SA LABAS NG MILANO, LIMITAHAN ANG GRUPO SA LIMANG (5) TAO O HANGGANG SA KAPASIDAD NG ISANG VAN KUNG MAGLALAKBAY SA ISANG SASAKYAN SA BAWAT ARAW.**
- **DAHIL SA PATULOY NA BANTA NG COVID 19, HINDI PA PWEDENG I-ACCOMMODATE NG KONSULADO ANG MALALAKING GRUPO TULAD NG ISANG BUS. PAG MALAKI ANG GRUPO NA NANGGAGALING SA ISANG LUGAR, NAWAWALAN RIN NG PAGKAKATAONG MAGPA-APPOINTMENT ANG MGA APLIKANTE SA IBANG LUGAR NA KAILANGANG MAG-APPLY NG MGA DOKUMENTO.**
- **ANG APPOINTMENT SYSTEM AY SINADYA UPANG MATULUNGAN ANG BAWAT ISA NA MATUTUNAN ANG PAGPAPLANO NG PAG-AAYOS NG MGA PERSONAL NA DOKUMENTO. GAWIN ITONG PERSONAL.**
- **IWASANG PUMUNTA SA KONSULADO KUNG WALANG APPOINTMENT PARA SA PASSPORT.**

(5)

# PAALALA BAGO PUMUNTA SA KONSULADO

- **BUKSAN ANG WEB SITE NG KONSULADO UPANG MALAMAN ANG PROCEDURE AT REQUIREMENTS SA SERBISYO NA KINAKAILANGAN https://milanpcg.dfa.gov.ph/ at i-click ang "Our Services". HINDI PO MA-IPROCESS ANG APPLICATION KUNG KULANG ANG DOKUMENTO.**

- **MAGFILL-UP NG KAUKULANG ONLINE FORM. I-PRINT ANG NASABING FORM AT DALHIN SA KONSULADO. ANG ONLINE FORMS AY MATATAGPUAN SA PAMAMAGITAN NG PAG-CLICK SA LINK NA ITO GAMIT NG LAPTOP O DESKTOP: https://milanpcg.dfa.gov.ph/downloads.htm**

- **IPAKOPYA* ANG MGA DOKUMENTO BAGO PUMASOK SA KONSULADO. DALHIN ANG LAHAT NA ORIGINAL.**

- **ISANG (1) KOPYA LANG ANG KINAKAILANGAN, MALIBAN SA REPORT OF BIRTH, REPORT OF MARRIAGE AT REPORT OF DEATH NA KAILANGAN NG APAT (4) NA KOPYA NG BAWAT DOKUMENTO AT DUAL CITIZENSHIP NA TATLONG (3) KOPYA. ANG PAGE NA MAY PICTURE LANG ANG KAILANGAN SA PASSPORT.**

***(IPAKOPYA: SALIN AYON SA PANGKARANIWAN: "IPA-EROX)**

**(KOPY: SALIN AYON SA PANGKARANIWAN: "XEROX"**

# TUNGKOL SA PILA

- **KAHIT MAY APPOINTMENT, KAILANGAN PA RING PUMILA BAGO MAKAPASOK SA KONSULADO. ISANG PILA LAMANG ANG SUSUNDIN.**

- **ANG ORAS NG APPOINTMENT AY *INDICATIVE* LAMANG AT MAARING MA-DELAY ANG SERBISYO DAHIL SA PILA.**

(8)

# PAALALA TUNGKOL SA DOKUMENTO NA GALING SA COMUNE PARA SA REPORT OF BIRTH NG BAGONG PANGANAK

- **BUKOD SA PANGALAN NG SANGGOL, KAILANGAN RIN NA ANG PANGALAN NG MAGULANG AY NAKASULAT SA CERTIFICATO DI NASCITA NA GALING SA COMUNE. HINDI PO MA-PROCESS ANG REPORT OF BIRTH KUNG WALA ANG PANGALAN NG MAGULANG.**

- **UPANG MAKASIGURO, KUMUHA NG ACTUAL NA CERTIFICATO DI NASCITA MULA MISMO SA COMUNE AT HINDI LAMANG SA PAMAMAGITAN NG INTERNET.**

(9)

# MGA DOKUMENTO NA I-SUMITE PARA SA APPLICATION NG PASAPORTE NG MINORE (BELOW 18 YEARS OLD)

- **REPORT OF BIRTH/BIRTH CERTIFICATE - ISANG MALINAW NA KOPYA. DALHIN ANG ORIGINAL KUNG AVAILABLE**

- **PASSPORT AT CARTA/PERMESSO NG APLIKANTE AT SA MAGULANG NA PIPIRMA SA APPLICATION FORM – ISANG MALINAW NA KOPYA. DALHIN ANG ORIGINAL KUNG AVAILABLE**

(10)

- **PWEDE LAMANG TANGGAPIN ANG APPLICATION NG PASSPORT NG ISANG MINORE NA WALANG REPORT OF BIRTH/BIRTH CERTIFICATE KUNG MAY ISANG DOKUMENTO NA NAKASULAT ANG PANGALAN NG DALAWANG MAGULANG TULAD NG: BAPTISMAL CERTIFICATE, BABY BOOK, SCHOOL RECORDS AT IBA PA, AT KUNG ANG APLIKANTE AY PAREHO ANG APELYEDO AT MIDDLE NAME SA NANAY AT MAY ISINUMITE NA KOPYA NG PASSPORT NG NANAY AT ANG NANAY ANG PIPIRMA SA APPLICATION FORM.**

(11)

**PARA SA MGA TANONG TUNGKOL SA SERBISYO NG POLO/OWWA, SSS AT PAG-IBIG, MAKIPAG-UGNAYAN SA KANILA NG DIRETSO SA KANILANG CONTACT DETAILS NA MAKIKITA SA LINK NA ITO: https://milanpcg.dfa.gov.ph/about-us/contact-us.html**

- **MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD ANG SOCIAL DISTANCING AT BAWAL PUMASOK SA KONSULADO KUNG WALANG FACE MASK AT GWANTES.**

**(12)**

# PAALALA TUNGKOL SA PAGRITIRO NG BAGONG PASSPORT

- **DALHIN ANG LUMANG PASSPORT AT RESIBO PARA SA PAGRITIRO NG BAGONG PASSPORT.**
- **PERSONAL ANG PAGRITIRO NG BAGONG PASSPORT.**
- **SA MAGULANG O LEGAL GUARDIAN LAMANG IBIBIGAY ANG PASSPORT NG MINORE.**
- **PWEDE LAMANG I-DELEGA ANG PAGRITIRO NG PASSPORT NG MGA NASA TAMANG EDAD (ADULTS) SA KAPAMILYA (ANAK, ASAWA, KAPATID AT MAGULANG) – HINDI PWEDE I-DELEGA ANG PINSAN, PAMANGKIN O KAIBIGAN. KAILANGAN ANG PIRMADONG DELEGA (PWEDE ANG SULAT-KAMAY) KAHIT SA KAPAMILYA.**

(13)

- **MAHIGPIT NA IPINAGBABAWAL ANG PANGGUGULO, PAG-IINGAY AT PAGMUMURA SA KONSULADO.**
- **OBLIGADO ANG KONSULADO NA TUMAWAG NG PULIS ANG KUNG MERONG APLIKANTE NA NANGGUGULO, NAGHAHAMON, NAGBABANTA O NANINIGAW SA KAPWA APLIKANTE O SA KAWANI NG KONSULADO.**
- **ANG HURISDIKYON LAMANG NG KONSULADO HENERAL NG PILIPINAS SA MILAN AY ANG HILAGANG ITALYA KASAMA ANG: LOMBARDIA, EMILIA ROMAGNA, VENETO, FRIULI-VENEZIA-GIULIA, PIEMONTE, TRENTINO-ALTO-ADIGE, LIGURIA AT VALE D'AOSTA.**

(14)

- **MAHIGPIT NA PINAPAKIUSAP NA KUNG KAGAGALING LAMANG SA KAHIT ANONG SAKIT O MAY SINTOMAS NG COVID 19, HUWAG PONG TUMULOY SA KONSULADO UPANG DI MAHAWA O MAKAHAWA.**

- **IPAGPATULOY PO ANG PAGGAMIT NG MASCHERINA, GUANTI, PAGHUGAS NG KAMAY AT SOCIAL DISTANCING UPANG MAPANGALAGAAN ANG ATING KALUSUGAN.**

- **MARAMING SALAMAT PO SA INYONG PAGBASA SA MGA ALITUNTUNING ITO, SA INYONG PASENSIYA AT INYONG KOOPERASYON.**